





# *"Ang Kahalagahan ng Oras"*

**By Tristan Jay B. Bayan**

Sa aking buhay ay may mga masasayang pangyayari na para sa akin ay napakahalagang karanasan. Sa bawat pagdaan ng araw sa aking buhay ay isang panibagong pagsubok at hamon ang aking kinakaharap sa aking mundong ginagalawan. Ako bilang isang estudyante ay mahalaga sa akin ang oras sapagkat dito ay marami akong magagawang makabuluhang gawain pagdating sa aking pag-aaral. Sa mga oras na inilalaaan sa akin ay kinakailangan ko itong gamitin ng tama at maaayos. Ang oras ko din ay umiikot sa aking pamilya. Kinakailangan kong magkaroon ng sapat na oras upang makasama ko rin naman ang aking pamilya. Ang pagkakaroon ng oras sa pamilya ay magreresulta sa maayos at masayang pagkakabuklod at samahan ng bawat isa. Sa bawat oras na mayroon ako o ibinigay sa akin ay akin itong pinahahalagahan. Masasabi kong maihahalintulad ko ang aking buhay sa isang orasan sapagkat kahit anong takbo at ikot ng aking buhay ay hindi ako susuko gaano man katagal o kaluma ng isang orasan ay di ako mapapagod na ipagpatuloy ang aking takbo at huwag mawalan ng tiwala at pag-asa sa buhay. Dapat mabatid na ang oras ay hindi dapat inaaksaya na sa bawat segundong lumilipas ay mayroong magandang bagay na nagaganap. Ang oras ay tumatakbo at ilang sandali'y maaaring tayo ay wala na sa mundo sapagkat ang lahat ay may hangganan, mayroong katapusan at wakas kung kaya't bawat isa ay ipamuhay ang ating sarili sa tamang landasin sa bawat oras na dumarating sa ating buhay.